Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran

# Bantayog

Opisyal na Pahayagan ng
Pamahalaang Panlalawigan ng
Camarines Norte

TAON 4, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO, 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com



Gob. Edgardo A. Tallado




## Nasa Loob

Tourist spots sa Cam-Norte, binisita ng DOT, marami pang dapat ihanda p2
Bilanggo lumikha ng awitin dahil sa TCMP p2
Provincial Government College Education Assistance Program Nakapasa sa pagsusulit ipinabatid na p3
Karamdamang autism pwede pang gumaling p3
Panalo ang tuwid na daan sa 500 p4
Iba't-ibang talento, ipinamalas matapos magsanay p4
Batang kalasag, nagsanay sa kahandaan sa kalamidad p6
Panalong kalahok ng CNorte sa Rehiyong Timpalak, sasabak sa national contest p7
Pili, pagkakakitaan ng malaki, pagtatanim, hinihikayat p7
AKBAY program, kaagabay sa Kabuhayan sa lalawigan p7

# NSCB nag-ulat,
# Bumaba ang bilang ng mahihirap sa CAMARINES NORTE

BUMABA ANG ANTAS NG KAHIRAPAN SA CAMARINES NORTE, ayon sa First Semester 2012 Poverty Statistics Report na ipinalabas ng ng National Statistical Coordination Board (NSCB) Bicol noong ika 23 ng Abril 2013.

Sa taong 2012, 24.7 % na lang ang *poverty incidence* ng lalawigan, o bumaba ng 7.7 % ang bilang nang naghihikahos na pamilya. Kumpara noong 2009, 32.4 % ang naitalang *poverty incidence* sa Camarines Norte.

Sinabi ni Josephine Chua, spokes person ng NSCB Bicol *"maganda ang performance ng Cam-Norte, pinakamababa sa lahat ng probinsiya sa Bicol. Ibig sabihin kumonti yung mga mahihirap. Dagdag pa niya, sana ay maipagpatuloy ang mga programa na maaring makatulong na maiaahon ang mga pamilya sa kahirapan. Hindi lang ito gobyerno, pagtutulungan ito ng lahat dahil ang kahirapan ay multi-dimensional issue. Hindi lang ito natin pwedeng iasa lang sa pamahalaan. Pati private sector, yung mga NGOs kailangan magtulungan. (visit www. Nscb.gov.ph).*

Nanguna ang Camarines Norte sa 6 na probinsiya sa rehiyong bikol sa bilang ng mga

(Sundan sa pahina 3)

**First Semester Per Capita Poverty Threshold and Poverty Incidence among Families 2006, 2009 and 2012**

| Rendering engine | Per Capita Poverty Threshold (PhP) | | | Poverty Incidence among Families (%) | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | 2006 | 2009 | 2012 | 2006 | 2009 | 2012 |
| Albay | 6,855 | 8,732 | 9,363 | 32.3 | 33.9 | 36.1 |
| CamarinesNorte | 6,439 | 8,221 | 9,166 | 29.5 | 32.4 | 24.7 |
| Camarines Sur | 6,726 | 8,578 | 9,097 | 38.7 | 37.2 | 33.5 |
| Catanduanes | 6,469 | 8,210 | 9,154 | 31.2 | 20.3 | 27.1 |
| Masbate | 6,443 | 8,194 | 8,660 | 47.8 | 49.8 | 44.2 |
| Sorsogon | 6,389 | 8,172 | 8,715 | 30.6 | 34.3 | 32.1 |

source: nscb.gov.ph

# Gob. Tallado, atbp. proklamado na

Ang pag-proklama ng *Provincial Board of Canvassers* kay Gob. Edgardo A. Tallado bilang muling nahalal na gobernador sa botong 116,270. Mula sa kaliwa ay si Mr. Arnulfo Balane, *DepEd PSDS*, Atty. Romeo G. Serrano, *COMELEC Provincial Election Supervisor*, Gob. Tallado at Provincial Prosecutor Evillo Pormento




Tatlong araw matapos ang halalan, iprinoklama ng Commission on Election (COMELEC) Provincial Office noong Mayo 15, ng gabi sina Incumbent Governor Edgardo A. Tallado at Re-electionist Congressman Elmer E. Panotes ng ikalawang distrito ganundin ang limang provincial board members batay sa Comelec Resolution No. 9700.

Matapos maabala dahil sa pagkasira ng 4 na compact flash cards ng dalawang bayan ng Daet at Capalonga, Mayo 17, 2013 naman naiproklama ang kasalukuyang Bise Gobernador Jonah Pedro G. Pimentel, mga nanalong sangguninang panlalawigan members mula sa unang distrito at ang bagong halal na kinatawan ng unang distrito ng Camarines Norte na si Catherine Barcelona-Reyes bagamat may protestang inihain kaugnay ng vote buying ang kanyang naging katunggaling dating Mayor ng Labo na si Winifredo Oco.

Nahalal muli na gubernador si Governor Edgardo Tallado ng Liberal Party (LP) sa botong 116, 270 laban sa katunggali na si Congressman Renato Unico Jr., National Unity Party (NUP) na may botong 97,568

Si Cong. Elmer Panotes ng LAKAS-CMD ay nakakuha naman ng botong 63,029 laban kay dating Congresswoman Liwayway Vinzons-Chato at Board Member Ruth Herrera. Ang Bise Gobernador Pimentel na kaalyado ni

(Sundan sa pahina 5)

# Tourist spots sa CamNorte, binisita ng DOT, marami pang dapat ihanda

Pinuntahan ng mga kinatawan ng *Department of Tourism* ang Calaguas *Group of Islands* sa Vinzons; Mercedes *Group of Islands* sa Mercedes; Caroline, Kalalanay, Fermo, Paduling at Parola *Islands* sa Jose Panganiban, at ang mga *tourism road projects* dito tulad ng *improvement/concreting* ng Calabasa *Road* patungong Busigon *River*, *concreting* ng Daet-Basud-Mercedes *Road* at Cory Aquino *Boulevard and Bridges Project* noong Mayo 28-30, 2013 para sa *site validation* ng mga *potential tourism development areas (*TDAs*)*.

Base sa *actual site inspection/ validation* ng grupo ng *DOT*, ibinigay nila ang mga sumusunod na rekomendasyon:

- Ang mga *resort owners* ay kinakailangang kumuha ng *Environment Clearance Certificate(ECC)* sa *DENR* bago maglagay ng anumang istruktura *(structures)* na isa sa mga *requirements* sa pagkuha ng *business permit*;
- Ang mga *resort operators/*owners ay kailangang sundin ang 20 *meters buffer zone* mula sa mataas na *level* ng tubig at 10 metro muling layo bago magtayo ng *cottages* at iba pang pasilidad;
- Ang mga *tour* operators ay kailangang mag-aplay ng *DOT accreditation* para masiguro na nasusunod nila ang *standards operation*;
- Ang mga *boat operators* ay kailangang rehistrado sa *Maritime Industry Authority (MARINA)* at dapat na kumpleto ang *life vests* para magamit ng lahat ng pasahero;
- Magsagawa ng *capacity building* para sa mga *boat operators, resort operators* at iba pang *stakeholders* at hiwalay naman sa mga *LGUs* para magkaroon sila ng sapat na kaalaman ukol sa *standards* na ipinatutupad sa pagpapatakbo ng isang *resort*;
- Ang Vinzons *Port* ang maging *official Jump-off point* ng mga *travelers'* papuntang Calaguas *Island* dahil ito ang nakasasakop dito, gayundin ang Calaguas *Island* ay maaaring italaga bilang *official docking or landing area* ng mga bangka na nagdadala ng mga turista. Mahalagang may isang opisyal na daungan upang para sa maginhawang pagbibiyahe ng mga lokal at dayuhang turista;
- Maglagay ng *Visitors Center* sa *jump-off point* at *landing area* para ma*-monitor* ang bilang ng pumapasok na mga bisita sa Calaguas *Island*. Ang pundo para sa *construction* nito ay maaaring ma*-access* sa pamamagitan ng *DOT's program* sa ilalim ng *BUB*;
- Dapat magpasa ng isang resolusyon ang Sangguniang Panlalawigan at Sangguniang Bayan ng Vinzons para sa pagtatalaga ng *official jump-off point* at *landing area* para sa mga turista/ bisita papuntang Calaguas *Island*.

Kung ang mga rekomendasyon ay maisasakatuparan, malaki ang magagawa nito para sa patuloy na pagyabong ng turista sa Camarines Norte. Nakatakdang talakayin ni Gob. Edgardo A. Tallado ang mga nasabing rekomendasyon sa kanyang pagpupulong na ipapatawag ukol dito.

Ang *site validation* ng DOT ay bahagi ng binabalangkas nilang *Area Development Plans* na nakapokus sa mga natukoy na TDA*s* sa Camarines Norte at Camarines Sur Tourism Circuit na nakapaloob sa *National Tourism Development Plan (NTDP)* ng Rehiyong Bikol. Nagsagawa rin sila ng *site validation* sa mga *tourism road projects leading to tourism sites/ attractions*.

Ang grupo mula sa *DOT Region 5* na nagsagawa ng *validation* ay kinabibilangan nina Mr. Danilo B. Intong; Ms. Fe R. Buela, Mr. Milo Oropeza at Mr. Robert E. Basco. Nakasama nila rito ang mga kawani ng *Provincial Planning and Development Office (PPDO)* na sina: Ms. Dina G. Baleza, Ms. Jean Juana P. Jardin, Ms Estela Marie A. Villagen, Ms. Noreen V. Panol, Mr. Jorge I. Ibasco, at Mr. Renato G. Madera, Jr., at ang mga kinatawan mula sa *Provincial Tourism Operations Division (PTOD)* na sina Ms. Angel David at Anthony Cereno.

Ang mga proyektong panturismo Camarines Norte at Camarines Sur Tourism Circuit ay pinagtutulungang maisakatuparan sa pamamagitan ng samasamang pagkilos ng mga local government units (LGUs) ng dalawang lalawigan kasama ng ahensiya ng pamahalaan tulad ng *National Economic and Development Authority (NEDA), Department of Public Works and Highways (DPWH), Department of Environment and Natural Resources (DENR), Department of Trade and Industry (DTI), Department the Interior and Local Government (DILG), Philippine Ports Authrority (PPA), Civil Aviation Authority of the Philippines (CAAP)* at *Department of Transportation and Communication (DOTC)*. **MARILYN PACINOS-ASIS/ JING A. CALIMLIM**

# Bilanggo lumikha ng awitin dahil sa TCMP

Isang komposisyong awitin ang nabuo ng isang bilanggo sa *Camarines Norte Provincial Jail (CNPJ)* at nagsisilbi ngayong *theme song* ng *Therapeutic Community Modality Program (TCMP)* na patuloy na isinasagawa sa *provincial jail*, ayon kay *Acting Provincial Warden* Reynaldo N. Pajarillo

Ang nagsilbing motibasyon at inspirasyon sa bilanggo upang makabuo ng isang awitin ay ang mga aral na natutunan niya sa *TCMP*. Ang naturang komposisyon ay nilapatan ng musika ni G. Ronald Dolor, isang pribadong indibidwal na kilala dito sa Camarines Norte sa larangan ng musika at siya ring boluntaryong tumulong sa pagsasanay sa *CNPJ Choir*.

Ang *TCMP* na binubuo ng 3 bahagi *(phases):* una ay ang *Orientation Phase* o *Introduction to TCMP* kung saan 26 na *inmates* ang kalahok; Ikalawa ay *Core Treatment Phase* na 15 detenido ang patuloy na kabahagi, at ang Ikatlo ay ang *Integration Phase* kung saan 9 na detenido ang kasali.


Pinakasentro ng aktibidad ay ang oryentasyon at talakayan ukol sa iba't-ibang aspeto ng buhay pang-ispiritwal, materyal at sosyal man. Itinuturo at ipinauunawa rito ang responsibilidad ng bawat isa na gawin ang tama at hindi ang sariling kagustuhan lamang. Ibinabahagi rin sa mga detenido kung paano nila mabubuo at mapapanatili ang matibay at maayos na relasyon at pakikipagugnayan sa kapwa bilang isang anak, kapatid, magulang, kapamilya, kaibigan o mamamayan man. Sa pamamagitan nito, magkakaroon sila ng kahandaan sa muling pagharap sa komunidad na pansamantala nilang tinalikuran at para sa muli nilang pagbabalik ay mayroon na silang matibay na pundasyon sa pagharap sa mga panibagong hamon ng buhay sa labas ng piitan.

Matatandaan na ang *TCMP* ay pinasimulan noong taong 2010 sa ilalim ng administrasyon ni Gob. Edgardo A. Tallado kung saan humigit-kumulang sa 30 detenido ang unang sumailalim sa programa. Ang mga *modules* na ginagamit sa *mga TC sessions* tuwing Lunes at Biyernes ng umaga na ginagawa sa *visiting hall* ng *CNPJ* ay mula sa *Parole and Probation Office (PPO)* Camarines Norte.

Mapapansin na habang tumataas ang antas ng TCMP ay bumababa naman ang bilang ng mga kalahok dito. Ito ay sa dahilang ang mga inmates na sumasailalim sa ikalawa at/o ikatlong bahagi ng programa ay kadalasang nakalalaya o napapawalang-sala sa mga kasong kinakaharap. Patunay ito na mabisang instrumento ang *TCMP* sa pagbabagumbuhay ng mga

*(Sundan sa pahina 6)*

*Si Gob. Tallado sa kanyang pagdalaw sa panlalawigang ipitan at nagsama ng nars upang matingnan ang mga nakapiit na mga may sakit dahil sa init ng panahon. Nagdala din siya ng pakwan.*





# NSCB nag-ulat...

*(Mula sa pahina 1)*

pamilya na naiahon sa kahirapan. Ang 24.7% na *poverty incidence* sa Camarines Norte ay 10% na mababa sa *regional poverty incidence* na 34.10%.

Lubos naman ang kasiyahan ni Gob. Edgardo A. Tallado sa ulat na ito ng NSCB. Sinabi niya na karangalan niya ito bilang gobernador ng Camarines Norte na maitalang number 1 sa bicol region ang Camarines Norte na may pinaka konting bilang ng mahihirap na pamilya. Nagpasalamat din siya sa lahat ng mga tumulong upang maging matagumpay ang mga isinulong niyang programa na nag-angat sa kabuhayan ng mga taga Camarines Norte.

Ang 24.7 % *poverty incidence* na antas ngayon ng Camarines Norte ay siyang pinakamababang naitala ng lalawigan sa lumipas na 30 taon. Ito ang baba ng pamilya na

Matatandaan din na ang Camarines Norte base sa ulat din ng NSCB noong 1997 at 2000, ay pangsampu sa *Ten Poorest Provinces* ng buong bansa: Sulu; Masbate; Tawi-tawi; Ifugao; Romblon; Maguindanao; Lanao Del Sur; Sultan Kudarat; Camiguin at Camarines Norte. Ang *poverty incidence* sa Camarines Norte noong taong 1997 ay 49.7% at noong taong 2000 ay 52.7%.

Samantala, sa unang 6 ng buwan ng 2012, ang 16 na *poorest*



**JOSEPHINE CHUA**
*Spokesperson, NSCB Bicol*

*provinces* na naitala ay ang mga sumusunod: Lanao del Sur; Apaao; Eastern Samar; Maguindanao; Zamboanga Del Norte; Davao Orinetal; Ifugao; Sarangani; Negros Oriental; Masbate; North Cotabato; Northern Samar; Bukidnon; Lanao del Norte; Sultan Kudarat at Cotobato City.

Ang NSCB ay isang ahensiya ng gobyerno na nangangasiwa ng mga istatistika na kailangan sa pamamahala ng gobyerno. ***Jing A. Calimlim***

**Table 1. 10 Poorest Provinces in Year 1997 AND 2000**

| Province | 1997 | 2000 | Inc/Dec (%) | Rank 97 | Rank '00 |
|---|---|---|---|---|---|
| Sulu | 67.1 | 63.2 | (3.9) | 1 | 1 |
| Masbate | 61.4 | 62.8 | 1.4 | 2 | 2 |
| Tawi-tawi | 35.0 | 56.5 | 21.5 | 40 | 3 |
| Ifugao | 57.7 | 55.6 | (2.1) | 4 | 4 |
| Romblon | 52.8 | 55.2 | 2.4 | 8 | 5 |
| Maguindanao | 41.6 | 55.1 | 13.5 | 27 | 6 |
| Lanao del Sur | 55.6 | 55.0 | (0.6) | 7 | 7 |
| Sultan Kudarat | 36.6 | 54.3 | 17.7 | 38 | 8 |
| Camiguin | 32.5 | 53.1 | 20.6 | 49 | 9 |
| CamarinesNorte | 49.7 | 52.7 | 3.0 | 10 | 10 |

Source: Social Sectors B Division, NSCB

## Provincial Government College Education Assistance Program

# Nakapasa sa pagsusulit ipinabatid na

Ipinalabas na ng Community Affairs Office (CAO) ang listahan ng mga nakapasa o napiling iskolars ng Provincial Government College Education Assistance Program o PGCEAP.

Ipinaskil ito ng nasabing tanggapan na siyang nangangasiwa sa PGCEAP noong Mayo 24, 2013 sa labas ng kanilang tanggapan gayundin sa *facebook account* ng PGCEAP. Araw-araw din itong binabasa sa Radyo ng Bayan.

Nagsimula na ding magbigay ang CAO ng *Certification* bilang dokumentong ibibigay sa paaralan upang makapag-enrol ang mga bagong iskolars ng pamahalaang panlalawigan sa ilalim ng

Dumoble ang dami ng nag-aplay sa *scholarship program* ng pamahalaang panlalawigan sa pagbubukas ng school year 2013-2014, dahil masigasig ang pag-imbita ni Gob. Edgardo A. Tallado sa pagpunta niya sa mga barangay para sa multi-services caravan na kanyang sinasabi ang programang ito para sa kabataan.

Nagsimula ang pagtanggap ng aplikante sa pagiging iskolar simula April 1 30, 2013. Sa kauna-unahang pagkakataon din ay pupunta ang CAO sa malalayong bayan upang doon na magsagawa ng eksaminasyon para sa pagpili ng iskolars bunsod ng tagubilin ng Punong Lalawigan Edgardo A. Tallado upang hindi na magastusan sa pamasahe patungong kapitolyo ang mga kabataang mag-aaply: una sa pagsumite ng requirements, sunod ay ang pagkuha ng eksaminasyon at kung makakapasa ay ang pagasikaso sa pag-enrol.

Idinaos sa mga sumusunod na petsa ang eksaminasyon para sa mga *incoming 1st year college* na nais maging iskolar: May 8—Capalonga; May 2—Sta. Elena & Labo South Road; May 3– 8 am Jose Panganiban; Ma 3, 1 pm –Paracale, May 6 sa kapitolyo para sa mga aplikante mula sa bayan Bicol Speaking Towns at Labo at May 7 para sa mga aplikanteng kasalukuyan ng nasa kolehiyo

Ang lahat ng aplikante ay dumaan sa pagsusuri kung sila ay kwalipikado batay sa general weighted average na 83% kung high school graduate at 85% kung kasalukuyang kolehiyo at ang kita ng kanilang pamilya sa bawat taon ay hindi lalagpas sa P120,000. Matapos ito sila ay dadaan sa pagsusulit at kailangang ang grado nilang makukuha ay hindi bababa sa 75%. Kahit ang resulta ng kanilang eksaminasyon ay umabot sa 75, ang mga siguradong matatanggap ay yaong mas matataas ang puntos na nakuha.

Ang hindi mapalad na mapapasama sa PGCEAP ay maaari namang mapabilang sa 1 year *scholarship assistance*

*(Sundan sa pahina 6)*

# Karamdamang autism pwede pang gumaling

## Autism Journey Seminar

May pag-asa pang gumaling ang mga *autistic child/ren* lalo na kung maagang matutukoy ang mga sintomas at kaagad magagamot ito ay ayon kay Ms. Marilou L. Park isa sa mga tagapagsalita sa 1-araw na *Autism Journey Seminar (AJS)* na isinasagawa ng *Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO)*, sa pakikipagtulungan ng sa *Autism Recovery Network of the Philippines (ARNP)*.

Tinalakay ni Ms. Park, na isang Camnorteno at nakapag-asawa ng Koreano, ang paksang *What is Diagnoses* at *Dietary Intervention*. Ayon sa kanya, mahirap na matukoy ang *autism* sa isang indibidwal sapagkat hindi lamang iisa o dalawa ang mga sintomas nito kundi walo kung saan ang abnormalidad nila ay maaaring sa *communication skills (verbal at non-verbal)*, *social skills*, *behaviors*, *learning*, at *medical issues* man.

Pinalalaganap din niya ang *organic farming* lalo na at ang antas ng *autism* ng isang indibidwal ay karaniwang lumalala dahil sa mga pestisidyo sa mga gulay at prutas na hindi nawawala kahit hugasan at/o lutuin pa gayundin ang mga kemikal sa mga artipisyal na patuka/pakain. Sensitibo rin sila sa ilang kemikal na taglay ng ilang bitamina at gamot kaya kasama sa layunin ng kanilang grupo na mahikayat ang ilang doktor sa lalawigan para magsanay sa Amerika upang maging *Defeat Autism Now (DAN) doctor*.

Ang anak ni Ms. Park na may *autism* ay dinala niya noong 2010 sa isang *DAN doctor* sa Korea, at patuloy na sumasailalim sa *biomedical* at *social interventions*.

Sa pagbabahagi pa din ni Ms. Park, sinabi niya na ang kanyang pamangkin na si Kervin del Rosario ay natuklasang may *autism* sa edad na 3 taon at kaagad isinailalim sa *therapy* at gamutan. Dahil dito, natutuhan ni Kervin na makapamuhay katulad ng mga normal na bata at nakapag-aral pa ito sa *La Consolacion College of Daet (LCCD)*.

Sa pamamagitan naman ng teknolohiyang *skype*, ang paksang *Biomedical Intervention* at *Traditional Therapy Options* ay tinalakay nina Ms. Holly Bortfeld at Ms. Johna Sommer, ayon sa pagkakasunod. Sila ay mga *mentor moms* mula sa *United States of America (USA)* na parehong may *autistic child* at mga pangunahing tumutulong sa adbokasiya ng *ARNP* na pinamumunuan ni Ms. Park bilang pangulo.

Ang *ARNP* ay isang *non-government organization (NGO)* na rehistrado sa *SEC* noong Agosto 2012 at binigyan ng akreditasyon ng LGU Daet noong Oktubre ng katulad na taon. Kumikilos ang *ARNP* sa layuning maipaabot sa publiko ang mga mahahalagang kaalaman at kasanayan ukol sa sakit na *autism*.

Ipinaabot din ni Ms. Park ang taus-pusong pasasalamat kay Gob. Tallado na aktibong sumusuporta sa adhikain ng kanilang grupo na mapabuti ang kalagayan ng mga *autistic individuals* na nangangailangan ng espesyal na pagkalinga ng pamahalaan at ng lipunan lalo na ang pagmamahal ng kanilang pamilya.

Ang idinaos na *Autism Journey Seminar* noong Abril 26 sa *Audio -Visual Room (AVR)*, *3rd Floor Annex*, *Provincial Capitol*, Daet ay bilang pakikiisa na rin ng Camarines Norte sa pandaigdigang pag-obserba sa buwan ng Abril bilang *Autism Action Month*.

Tinalakay din dito ang iba pang paksa tulad ng *Surviving the First Year sa pamamagitan ni* Ms. Janet Alegre, *ARNP Vice President; Laws and Services sa pamamagitan ni Acting PSWDO* Cynthia R. dela Cruz at *Legal Scope of Individualized Education Program (LIEP) sa pamamagitan naman ni* Ms. Excelsa F. Buan, *MAEd, VPHS Faculty. Tinalakay din ng ANRP ang ilan pang paksa ukol sa kanilang samahan.* ***jing a. calimlimLORENA DELA TORRE IBASCO***

# EDITORYAL

## Panalo ang tuwid na daan sa 500

Nakaririmarim ang malawakang pamimili ng boto na nakita natin sa lalawigan sa nakaraang Mayo 2013 election.

Kaya ba ito pinilahan ay dahil nawalan na ng *sense of morality* ang masa dahil sa matinding kahirapan? Kasalanan ba ito ng mahihirap kung nagarimuhan sila sa halagang P500 na makakatawid gutom sa kanilang pamilya sa kahit kaunting araw?

Hindi kaya ang may malaking kasalanan dito ay ang kandidatong nawalan na ng moral kung kaya upang manatili lang sa puwesto ay namili ng boto mula sa halagang P500 at higit pa dito. Dati na umano nila itong gawain kaya lang, kung dati ay palihim itong ginagawa tulad ng sa hatinggabi bago ang halalan, aba ngayon ay wala ng delikadeza. Lantaran, bulgar at *level up* na din dahil sa *hotel* pa inipon ang tao para bayaran. Ang pinakamalala, pati sa bahay ng ilang pulitiko ay lantaran na rin ang mga pagpila ng dagsa-dagsang botante para sa konting halaga na kapalit ng boto.

Sabi ng mga botante ay kinuha lang naman daw nila ang pera kasi sayang din, pambili din daw ng bigas at makakain, pero alam naman daw nila kung sino ang karapat-dapat iboto. Pero hindi naman lahat ng mahirap ay may ganitong pananaw. At hindi rin lang naghihikahos ang nakipila, kahit may maayos na hanap-buhay ay nakipag-arimuhan. Anong dahilan? Sabi ng ilan, amin din naman ang perang ibinibigay ng kandidatong kasalukuyang nakapuwesto mula sa nakurakot sa buwis.

Nakaririmarim ang pag-uri sa naging bilihan ng boto dahil para itong napakaduming bagay tulad ng putik, grasa o di kaya ay dumi ng tao na dumikit sa iyong katawan na matagal alisin ang dumi at amoy. Ganoon ang pakiramdam ng mga taong naniniwala at nagbibigay pa rin ng mataas na pagpapahalaga sa sagradong boto. Pag nakita natin ang isang halal na opisyal ng bayan kahit pa nakakabit na sa kanya ang titulong honorable ay laging papasok sa isip natin na namili siya ng boto.

Sa kabila ng lahat, ang nakaraang halalan ay nagbigay ng malinaw na mensahe. Ang kandidatong may magandang nagawa ang mas may matindi pa ring puwang sa botante lalo na at nararamdaman nila ang matagalang epekto sa mamamayan at bawat komunidad ng mga proyektong naipatupad. Partikular sa halalan sa pagka-gobernador, ang kandidatong nanindigan para sa tuwid na daan ang siyang nagtagumpay laban sa katunggaling ang ginamit na pamamaraan ay P500 piso para sa boto.

# Iba't-ibang talento, ipinamalas matapos magsanay

Kalugod-lugod ang *Showcase of Talents and Recital* noong Mayo 7, 2013 sa *Camarines Norte Agro-Sports Center*, Daet Camarines Norte, na isang *culminating activity* ng *2013 Summer Workshops* kasabay ang Likas, Larawan at Liwanag *(A Visual Arts Exhibit Year XV)*.

Sa pagitan ng mga pagtatanghal, ipinamahagi ang mga *certificates of participation* sa mga sumali sa *2013 Summer Arts Workshop*, *certificates of merit* naman sa ilang katangi-tanging kalahok at *certificates of recognition* sa mga indibidwal na boluntaryong nagsilbi bilang mga *facilitators* sa naturang taunang aktibidad.

Ang pinaka-*highlight* ng *Showcase of Talents* ay ang sabayang pagtugtog ng gitara ng may 145 mga kabataan na una nang nagsanay sa tulong at gabay ni G. Eric Soriano. Isang espesyal na bilang na pinamagatang 'Kabataan para sa Musika' ang kanilang itinanghal.

Una rito, ang *invocation/doxology* ay ibinigay ng mga lumahok sa *Theater Arts and Flute Workshop* habang ang pag-awit ng ating Pambansang Awit na Lupang Hinirang ay sinabayan ng *tableau* ng mga kalahok sa *Theater Arts Workshop*.

Ang mga espesyal na bilang at grupo ng mga nagtanghal sa naturang *Showcase of Talents* ay ang mga sumusunod: *Fashion Show – Theater Arts Workshop participants*; *A La Jota - Folkdance Workshop Participants*; Langaw - *Theater Arts Workshop Participants*; Ba-Ingles #2 - *Folkdance Workshop participants*; Balot - *Theater Arts Workshop participants*; Ginto, Pilak, Kamatayan - *Theater Arts Workshop participants*; Pukol Dance - *Folkdance Workshop participants*; Ang Tunay na Mukha ni Inang Kalikasan - *Theater Arts Workshop participants*; Aerodance - *Aerodance Workshop participants*; *Copy Cat*, Sayo Lamang & Ode to Joy - *Flute Workshop partici-*

(Sundan sa pahina 6)



Si G. Abel C. Icatlo , *Museum Curator I ng* Museo Bulawan sa kanyang pagbibigay memsahe sa mga kabataang kalahok sa Summer Workshop. Makikita din ang ilang larawan sa isinagawang Showcase of Talents matapos ang pagsasanay







Tagumpay ng Katuwiran, Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

**EDITORIAL BOARD:**

CHAIRMAN:
**EDGARDO A. TALLADO**
*Governor*

VICE CHAIRMAN;
**JOSE G. BOMA**
*Executive Asst. IV & OIC Provincial Administrator*

MEMBERS:
- Phil Information Agency
- Jing A. Calimlim, *Community Affairs Officer IV*
- Atty. Debbee G. Francisco, *Supervising Tourism Operations Officer*
- Abel C. Icatlo, *Museum Curator IV*
- Rikki Vito, *Station Manager Radyo ng Bayan*

**EXECUTIVE EDITOR:**
JING ARRIOLA CALIMLIM
**NEWS EDITOR:**
Lorena T. Ibasco,
**LAYOUT:**
Engr. Wilson V. Porcincula
**PHOTOGRAPHER**:
Luigi Martin P. Querubin.
**CIRCULATION**:
Marcial P. Ferrer

**INFORMATION OFFICER DESIGNATES:**

**G.O-MASCD**- Aida B. Pandeagua;
**G.O-LSD**-Dario C. Dime
**G.O PCSSD**- PGII Virgel T. Zantua;
**GSO**-Gina B. Racelis,
**OPAg**-Melinda L. Jerez;
**PAcctO**-Lilian Y. Rafon, Maria Theresa N. Jimenez
**PAssO**-Nerissa A. Augusto & Jeffrey M. Regidor
**PBO**-Estela P. Adorna;
**PDDDRMO** -Arnel S. Ferrer,
**PENRO**-Gonzalo C. Binay;
**PEO**-Jeremias Ibana & Lilian Corazon T. Atienza;
**PHO**-Marino Abogado
**PLO**-Donna A. Guevarra
**PPDO**-Marilyn P. Asis;
**ProVet**-Samuel O. Villagen; ;
**PSWDO**-Cynthia dela Cruz, Aileen Camacho, Dolores Tresmonte;
**PTO**-Ma. Victoria A. Estacion & Vilma L. Barra;
**SP**-Josephine Q. Badong;



Ang proklamasyon ng re-electionist
Board Member Rodolfo DV. Gache na may botong 48,615



Ang proklamasyon ng bagong halal na
Board Member Senen A. Jerez na may botong 46,326



Ang proklamasyon ng re-electionist
Board Member Romeo R. Marmol na may botong 42,071



Ang proklamasyon ng re-electionist
Board Member Gerry G. Quinones na may botong 39,707



Ang proklamasyon ng bagong halal na
Board Member Rennee F. Herrera na may botong 39,178

Ang proklamasyon ng re-electionist
VICE GOV. JONAH PEDRO G. PIMENTEL
na may botong 100,319



# Gob. Tallado, atbp....

*(Mula sa pahina 1)*

Gob. Tallado ay muling nahalal sa botong 100,319 laban sa katunggaling si Casimiro "Roy" Padilla Jr. (NUP).

Proklamado na din ang mga nanalong sangguniang panlalawigan members, mula sa unang distrito: Board Member Pamela M. Pardo, Board Member Teresita DL Malubay, Board Member Reynoir "Bong V. Quibral, Board Member Erwin L. Lausin at Board Member Michael G. Canlas. Mula sa ikalawang distrito: Board Member Rodolfo DV Gache, Board Member Senen A. Jerez, Board Member Romeo R. Marmol, Board Member Gerardo G. Quinoñez at Board Member Renee F. Herrera.

Samantala, si Mayor Tito Sarion ng Daet (LP) ay nanalo ng landslide sa kanyang huling termino. Kabilang pa rin sa mga muling naihalal na punong bayan ay sina Mayor Dominador Davocol ng Basud (LP), Mayor Senandro Jalgalado ng Capalonga (NUP); Mayor Ricardo Padilla ng Jose Panganiban (PMP), Mayor Alexander Lo Pajarillo ng Mercedes (LP); Mayor Romeo Moreno ng Paracale (NUP), Mayor Ronnie Magana ng Talisay (LAKAS-CMD) at Mayor Agnes Ang ng Vinzons (LAKAS-CMD).

Sa bayan ng Labo ang bagong halal na punong bayan ay si Joseph Ascutia ng LP. Samantala, ang mga naging mayor sa mga nakaraang termino aT muling nahalal na punong bayan sa kanikaniyang bayan ay sina Mayor Edgar Ramorez ng San Lorenzo Ruiz (LAKAS-CMD), Mayor Francis Ong ng San Vicente (LP) at Mayor Bernardina Borja ng Sta. Elena (LP). ***jingcalimlim***



Ang proklamasyon ng re-electionist 2nd District
Congressman, Elmer E. Panotes na may botong 63,029



Ang proklamasyon ng bagong halal na 1st District
Congressman, Catherine B. Reyes na may botong 52, 091



Ang bagong halal na Board Member Pamela Pardo na may botong 45,781 na dumalo sa proklamasyon ng unang araw na itinakda subalit ng ito ay naantala ay kinailangang umalis dahil sa mahalagang gawain.



Ang proklamasyon ng re-electionist Board Member
Teresita DL Malubay na may botong 45,388



Ang proklamasyon ng bagong halal na Board Member
Reynoir V. Quibral na may botong 41,486



Ang proklamasyon ng re-electionist Board Member
Erwin L. Lausin na may botong 40,562



Ang proklamasyon ng bagong halal na Board Member
Mike G. Canlas na may botong 39,568

# Batang kalasag, nagsanay sa kahandaan sa kalamidad



Makahulugan ang bakasyon ng may 1,500 kabataan dahil sa paglahok nila sa 2013 Summer Camp Training for Batang Kalasag (In-school Youth Disaster Emergency Volunteers) on Disaster Risk Reduction (DRR) and Climate Change Adaptation (CCA) na isinagawa ng Pamahalaang Panlalawigan noong ika-1 ng Abril hanggang ika-22 ng Mayo, 2013 sa Sanayang Pangkaligtasan sa Mat-i Sto. Domingo Vinzons, Camarines Norte.

Lumahok sa nabang-git na pagsasanay ang mga mag-aaral mula sa 65 paaralan, 46 mula sa elementarya at 19 mula sa sekondarya. Hinati sila sa dalawang kategorya: *12 man Junior I Super Batang Kalasag* (Grade 3-6) at *10 man Junior II Super Batang Kalasag* (1st—4th year high school)

Layunin ng nasabing aktibidad na magkaroon ng wasto at lubos na kaalaman ang mga kalahok ukol sa mga hindi inaasahang sakuna at kalamidad nang sa gayon ay maging alerto at handa sila sa iba't ibang trahedya at aksidente na maaaring mang-yari sa kanilang paaralan at komunidad.

Tinalakay ang mga sumusunod na paksa sa loob ng mahigit isang buwang pagsasanay: 1. *Concepts Of Disaster Risk Reduction, 2. The Philippines Disaster Risk Management System, 3. The Role of the Youth in Disaster Risk Reduction, 4. Global Warming and Climate Change Adaptation, 5. Hazards and Prevention, 6. Hazards Mapping 7. Family Preparedness and Response Planning.* Upang maintindihan ito ng mga kabataang kalahok, ginamit ang mga pamamaraan na *Individual and Group Works, Film Showing, Simulation Drills and Exercises; at Course/Activity Stationing.*

Ang DRR/CAA Summer Camp Training ay isa sa mga proyekto sa ilalim ng BEAT "D" Risk Program ni Governor Edgardo A. Tallado, Chairman ng Provincial Disaster Risk Reduction and Management (PDRRM) Council. Samantala, ang hepe ng Panlalawigang Tanggapan ng DRRM na si Dr. Carlos C. Galvez ang nangasiwa ng matagumpay na pagsasanay katuwang ang Emergency Responders ng kanyang tanggapan. Nakatuwang ng PDDRMO ang Office of Civil Defense Region 5, Department of Education (DepEd), Department of Interior and Local government (DILG) at Bureau of Fire Protection. **Arjohn Jake S. Belleza/jac**

# Ibat-ibang talento...

*(Mula sa pahina 4)*

*pants*; "lna" - *Theater Arts Workshop participants*; *Group Performance (1st Set) - Guitar Workshop participants*; *Shinning, Shimmering Star – Theater Arts Workshop participants*; *Group Performance (2nd Set) - Guitar Workshop participants*; Papuri - *Folkdance Workshop participants*, at *Group Performance (3rd Set) - Guitar Workshop participants*.

Ang *2013 Summer Workshops* na isinagawa noong April 29-30, Mayo 2, 4 at 6, 2013), ay isinagawa ng Pamahaalaang Panlalawigan ng Camarines Norte sa pamamagitan ng Tanggapan ng Museo, Sinupan at Panulukan at sa pakikipagtulungan ng *Bicol Association for Educational Theater Arts (BAETA)* at ng *Camarines Norte Visual Artists Association (CANVASS)*.

Si Ms. Digna Fuentebella ang nagsilbing *facilitator* sa *Aerodance Workshop* na may 129 na mga kalahok *(all ages)* ang natulungan paunlarin ang kanilang talento sa pagsayaw.

Umabot naman sa 109 na kabataan ang sumali sa *dance workshop* kung saan natutuhan nila ang pagsayaw ng mga *folkdances* na itinuro ng mga tagapagsanay na sina Bb. Ronalyn R. Roldan at Bb. Mary Jean R. Roldan. Sa *Flute Workshop*, 72 kabataan ang lumahok sa pagsasanay nina G. Ronald Rayos at G. Erwin D. Jamito.

Ang *Charcoal Painting* at *Acrylic and Oil Painting Workshop* ay sinalihan ng 67 sa ilalim ng pagtuturo nina G. Harlern J. Barilea at *SPO3* Ryan F. Morales.

Ang 5-linggong *workshops* ay pinamahalaan ng mga kawani ng Museo Bulawan na pinamumunuan ni *Museum Curator I* Abel C. Icatlo at nakatuwang ang mga *SPES recipients* na naitalaga sa kanilang tanggapan sa loob ng isang buwan. ***AIDA B. PANDEAGUA/JING A. CALIMLIM***

# SPES ng...

*(Mula sa pahina 8)*

Opisyal na nagsisimula ang kanilang trabaho noong Abril 15, 2013. Sa unang araw ng kanilang pagpasok ay isinagawa ang oryentasyon at ipinabatid ang mga regulasyon at mga dapat gawin ng isang empleyado. Kabilang sa binigyang diin ay ang tamang oras ng pagpasok at paglabas sa trabaho, tamang pananamit, at dedikasyon sa trabaho.

Nagkaroon ng closing program noong Mayo 30,2013 upang bigyang kulay ang pagtatapos ng maikli ngunit makabuluhang pagtratabaho nila sa kapitolyo.

Ang SPES na pinamamahalaan ng *Provincial Planning and Development Office* ay taon-taon na isinasagawa bilang pagtalima sa *Republic Act 7323* na naglalayong matulungan ang mga mahihirap subalit magagaling na mga mag-aaral na maipagpatuloy ang kanilang pag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng trabaho tuwing bakasyon para may pandagdag sa kanilang gastusin pagpasok sa eskwelahan. **MARILYN PACINOS-ASIS/jac**

# Pili, pagkakakitaan...

*(Mula sa pahina 7)*

*DOST-FPRDI.*

Dumalo rin sa nasabing pagpupulong sina Gng. Paz Yanto ng *Department of Environment and Natural Resources (DENR) Provincial Office;* G. Alvin Sayno ng *Department of Trade and Industry (DTI)-Provincial Office*; Dr. Corazon Fajardo ng Camarines Norte Pili *Growers Association*, pili *growers* at *processors* mula sa iba't-ibang bayan ng lalawigan. ***MELINDA L. JEREZ/lorena dt ibasco/ jing calimlim***

# Bilanggo lumikha...

*(Mula sa pahina 2)*

detenido sapagkat mas nakikilala nila ang kanilang sarili, matanggap ang katotohanan na sila ay nagkasala at harapin ang buhay sa likod ng mga rehas.

Ang *CNPJ* ay nagiimbita ng mga tagapagsalita *(speakers)* mula sa *Department of Education (DepEd), religious groups, local government units (LGUs), provincial government offices*, at iba pang pribadong indibidwal at grupo man para mas epektibong maisaisip, maisapuso at maisabuhay ng mga bilanggo ang mga aral ng buhay sa bawat paksang tinatalakay.

Ang *graduation ceremony* para sa sumailalim sa 6 na buwang TCMP ay itinataon sa selebrasyon ng *National Correctional Consciousness Month* tuwing Oktubre.

Ipinaaabot ng CNPJ ang lubos na pasasalamat sa mga indibidwal at tanggapan na patuloy na sumusuporta sa *TCMP.* ***ARIES N. BALBAS, CNPJ/LDTI/ JAC***

# AKBAY program...

*(Mula sa pahina 7)*

*implements*; 7) *small-scale processing* gaya ng paggawa ng tosino, longganisa, *deboned/smoked fish*, itlog na maalat (*salted eggs*), balut, *nata de coco*, uraro *biscuits*, *peanut brittle*, at *soft broom*, at 8) *handicraft making* gaya ng paghabi ng abaka at *pineapple fibers* at *coconut* at *corn husk*.

Ipinatutupad sa iba't-ibang panig ng bansa ang AKBAY *Program* sa pangunguna ng *National Agriculture and Fishery Council (NAFC)* at sa pakikipagtulungan sa *DA* sa pamamagitan ng mga *Regional Field Units (RFUs)* nito at sa mga pamahalaang lokal. Ito ay pinupunduhan sa ilalim ng *Japan Grant Assistance for the Food Security Project for Underprivileged Farmers (2KR)* bilang suporta sa Agri-Pinoy *framework* ng *DA*. Nakarating dito sa Camarines Norte ang AKBAY Program dahil sa masugid na pakikipag-ugnayan ni Gob. Edgardo 'Egay' A. Tallado *DA*.

Samantala, ang pamamahagi ng tseke benepisyaryo ng AKBAY *Program* sa Talisay at San Vicente ay isinagawa ng magkahiwalay na petsa sa kani-kaniyang bayan at pawang sinaksihan nina *Provincial Agriculture and Fishery Council (PAFC) Chairman* Efren S. Mago kasama sina *DA Staff* Ms. Juliet San Buenaventura *(Cash Unit)* at Mr. Niño Jason Lagatic pati na si *Provincial* AKBAY *Coordinator* Irene J. Olivar, *Agriculturist II* mula sa *Office of the Provincial Agriculturist (OPAg)*.***LORENA DELA TORRE-IBASCO/JAC***

# Nakapasa ...

*(Mula sa pahina 3)*

na ang pondo ay mula sa national government na idinulog ni Gob. Tallado sa Pangulong Noy Aquino. Ito ay magsisilbing *augmentation fund* sa mga mapipiling 500 mag-aaral bilang tulong sa kanilang matrikula sa loob ng isang taon o dalawang semestre. ***Jing-Calimlim/Lorie dela***

# PANALONG KALAHOK NG CNORTE SA REHIYONG TIMPALAK, SASABAK SA NAT'L. CONTEST

Mapapalaban sa national level na patimpalak ang mga kinatawang kalahok ng ating lalawigan matapos na sila ay manalo sa rehiyong patimpalak na isinagawa sa *Bicol Farm Family Forum 2013 cum 4H Regional Achievement* noong Mayo 23-24 sa Macagang Business Center, Nabua Camarines Sur.

Makikipag-tunggali sa kani-kaniyang kategorya ang mga *regional 1st place sa major contest winners* si Edson Mañago ng Poblacion, Basud-Cooking Rootcrops-Kakanin at Nikko Roxas ng Talobatib, Labo-Livestock & Poultry Processing w/ Packaging and Labeling na ganapin sa sa Hunyo 12-14, 2013 sa Puerto Princesa City, Palawan kasabay sa pagdaraos ng 61st Farm Youth (4-H) National Congress. Gayundin, si Manuel Oding Napilihan, Vinzons na 1st place naman sa minor contest na 4-H Quiz

Nakuha din ng Camarines Norte ang *2nd place* sa *regional contest* sa kategorya ng pagkanta sa katauhan ni Winky Mañago; *2nd place* din si Marilou Gorobat sa *Handicraft* at *3rd place* naman si Roly Balbaira ng San Nicolas, Talisay sa *Modified Poster Making*. Tumanggap ng *Cash Prize* sa *major contest* na P2,000, P1,500 at P1,000 ang 1st, 2nd, 3rd place ayon sa pagkakasunod-sunod at *Certificate of Recognition*. Sa *minor contests*, tumangap ang *first prize winner* ng P1,500; *second prize* P1,000; at P700 para sa *third prize.*

Samantala, dalawampu't isa ang dumalo mula Camarines Norte sa *Bicol Farm Family Forum 2013* kung saan 4 na samahan sa rehiyong bikol ang tinipon: 4-H club, *rural based organization, Rural Improvement Club (RIC) for women*, at Pambansang Mannalon-Maguuma-Magbabaul-Magsasaka ng Pilipinas (P4MP).

Ang tema ng pagtitipon ay "Produktibong Pinoy: Kaagapay sa Kabuhayan at Kaunlaran" na magkatuwang na inihandog ng Agricultural Training Institute-Regional Training Center 5 at ng Kagawaran ng Pagsasaka, RFU 5, San Agustin, Pili, Camarines Sur. Ang pagtitipong ito ay naglalayon na mapalakas ang mga samahan at mapanatili ang kooperasyon ng mga miyembro nito, makilala ang mga nagpunyagi sa larangan ng agrikultura at makabahagi ng kani-kanilang karanasan ukol dito.



Inaasahan na maguuwi muli ng karangalan ang ating mga kabataang lalaban sa *national level* na sasamahan ng kani-kanilang trainor na mga municipal coordinators ng farm youth development programs (fydp). Sasamahan din sila ni Gng. Irene Olivar, *Provincial FYDP Coordinator* at ni Gng. Francia Pajares, Acting Provincial Agriculturist. ***Melinda L. Jerez/Jing A. Calimlim***

# Pili, pagkakakitaan ng malaki, pagtatanim, hinihikayat

Nagtipon noong Mayo 9, 2013 sa Office of the Provincial Agriculturist (*OPAg*) sa kapitolyo ang mga *local partners* at *cooperators* sa industriya ng pili para sa isang *inception meeting* o paglalatag ng mga pundasyon ukol sa pagpaparami ng produksyon ng pili sa lalawigan.


Tinalakay ang kahalagahan ng imbentaryo o bilang ng puno ng pili sa kasalukuyan na batay sa ilang tala, noong taong 2010 ay 666.0 ektarya pa ang maaring magamit para pagtaniman ng pili.

Samantala dito sa Camarines Norte, ang pamahalaang panlalawigan ay mayroong 82.0 ektaryang lupain sa Calasgasan *Farm* na ginagamit para sa *techno demo plantation* nito ng *grafted* pili, ayon kay *Engr.* Harold Gestiada, *Pili Product Development Coordinator* ng *OPAg*.

Pinag-usapan din sa pagtitipon ang pagluluto ng mga pagkain at iba pang produkto gamit ang pili; kung paano mapapaganda at mapapahusay ang *product packaging* at *labeling* na nakakaakit sa mga mamimili , ang potensyal na magkaroon ng *market outlets* sa loob at sa labas man ng bansa, at matasa ang kahalagahan ng proyekto sa komunidad bilang karagdagang mapagkukunan ng kabuhayan at ang pagtiyak na tuluy-tuloy na suplay ng pili sa merkado.

Sinabi ng tagapagsalita mula sa *Department of Science and Technology-Forest Product Research and Development Institute (DOST-FPRDI)* na si Florena Samiano, na ang komposisyon ng *pili nuts* ay 68% *pulp*, 25% *shell* at 7% *kernel*. Ang *pulp* umano na pinakamalaking bahagi nito ay maraming produktong pwedeng magawa katulad ng *snack foods, candies, pastries, side dishes* tulad ng pili *express* at pili okoy, at pwede ring gawing pili *ketchup* at pili *sauces*. Ang pili shell naman ay ginagawang *charcoal briquettes, accessories*, dekorasyon sa bahay at *souvenir items* habang ang pili *resin* ay magagamit bilang pili *resin tapping* at *resin oil*.

Dahil sa malaking potensyal na nakikita sa produktong pili, inaasahan ng *DOST-FPRDI* ang lubos na pakikiisa lalo't higit ng mga




magtatanim ng pili na madagdagan pa ang lawak na pinagtataniman nito.

Pinangunahan ng *DOST* at *OPAg* ang makahulugang pagpupulong kung saan dumating ang mga kinatawan ng DOST na sina Arsenio B. Ella, *Scientist III*; Florena B. Samiano, *Research Specialist*, at Emmanuel Domingo, *research assistant* ng

*(Sundan sa pahina 6)*

# AKBAY program, kaagabay sa Kabuhayan sa lalawigan

Sa nakaraang *Farmers' and Fisher Folks Forum* na idinaos nitong nakaraang Abril 10, hinimok ni Gob. Tallado ang mga AKBAY *beneficiaries* na doblehin ang kanilang sipag at determinasyon para mapalago ang kanilang panimulang puhunan.

Ang mga benepisyaryo ng programa sa lalawigan ay ang pinakamahihirap na mga magsasaka at mangingisda na nasa *5th-6th class municipalities* gaya ng San Lorenzo Ruiz, San Vicente at Talisay na nakapasa o makapapasa sa pamantayan nito. Ang P10-L pautang ay babayaran ng mga kwalipikadong benepisyaryo sa loob ng 3 taon ng walang interes.

Sa pagpapatuloy ng implementasyon ng AKBAY (**A**grikultura: **K**aagapay ng **Ba**yang Pino**y**) *Program* dito sa Camarines Norte, 58 katao ang nabigyan noong Marso ng tsekeng tig-P10,000.00 para pangkabuhayang proyekto. Ang 7 benepisyaryo ay mula sa Talisay at 51 katao naman mula sa San Vicente.

Noong Nobyembre 2012, nagkaloob din sa 107 katao mula sa 3 nabanggit na bayan nang pautang na puhunan.

Nakalaan ang tulong-pinansyal para sa *vegetable production, duck egg production, swine fattening, goat production*, at iba pang gawaing pansakahan at pampangisdaan na tinukoy sa ilalim ng AKBAY *Program*.

Sa pamamagitan nito, natutulungan sila ng pamahalaang nasyonal, partikular na ang *Department of Agriculture (DA)*, para sa alternatibong hanapbuhay.

Samantala, ang iba pang *micro-scale livelihood projects* na napaloob sa AKBAY *Program* ay ang mga sumusunod: 1) *crop production* gaya ng pagtatanim ng mga gulay, kabute, kamotengkahoy; 2) *backyard poultry raising* at *egg production* ng manok (*native, upgraded, kabir* o *sasso*) at itik; 3) *backyard livestock production* gaya ng pag-aalaga ng kambing at baboy; 4) pagpasimula ng *aquaculture* gaya ng pagpaparami ng tilapia, bangus, *mussels, oysters* at iba pang *shellfishes, seaweeds*, siganid, *grouper, lobster*, at *sea urchin*; tahong, alimango, atbp.; 5) *municipal fishing* o pagbili ng *fishing paraphernalia* gaya ng *drift gill net, bottom gill net* at *hooks and lines*; 6) pagbili ng *small farm*

*(Sundan sa pahina 6)*

# May SARO na, bagong pondo sa scholarship

Ang kahilingang pondo na pinagtulungang idinulog ni Gob. Edgardo A. Tallado at dating Congresswoman Liwayway Vinzons Chato kay Kgg. Pangulong Benigno C. Aquino ay III para sa mga nais magaral sa kolehiyo ay mayroon ng Special Allotment Release Order (SARO) mula sa Department of Budget and Management (DBM) na nagkakahalaga ng P 5 milyong.

Batay sa SARO No. G-13_00146 mula sa DBM, ang P5 milyon ay mula sa FY 2012 Budget R.A 10155, Continuing Appropriation at dapat magugol o maibayad sa matrikula ngayong taon ng mga makikinabang dito.

Malaking tulong ang karagdagang pondo upang yaong hindi matatanggap sa Provincial Government College Education Assistance Program o PGCEAP ay maaaring mapabilang sa ilalim ng panibagong pondong P5 milyon na tinawag na *augmentation fund*.

Ang mga aplikanteng tunay na nangangailangan ng tulong ay may pagkakataon din sa ilalim ng *augmentation fund* tulad ng mag-aaral na graduating student o kung hindi man ay nalalagay sa sitwasyon na maaring hindi na makapag-aral dahil nawalan ng hanap-buhay ang magulang; biglang naulila, dumaan sa kalamidad o anu pa mang krisis at iba pang kahalintulad na sitwasyon

Samantala ang mga iskolars ng PGCEAP ay yaong may pinakamataas na puntos batay sa pinagsamang grado nila sa dalawang magkahiwalay na eksaminasyon at ang kanilang general weighted average ay matataas. Ang mga valedictorians at salutatorians mula sa mga secondary schools sa Camarines Norte ay awtomatikong scholars sa ilalim ng PGCEAP. *Jing A. Calimlim*



Kuha ang larawan sa provincial library na isa sa lugar ng isinagawang pagsusulit sa mga aplikante ng Provincial Government College Education Assistance Program


Tagumpay ng Katuwiran,
Tagumpay ng Mamamayan
Bayan lang ang Pinaglilingkuran
Bantayog
Opisyal na Pahayagan ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte

TAON 4, BLG. 1 DAET, CAMARINES NORTE MAYO 2013
"Entered as Second Class Mail at Daet Postal Office, Daet, Cam.. Norte"
Website: Http//www.camarinesnorte.gov.ph Email: cao_cnorte@yahoo.com


# SPES ng Pamahalaang Panlalawigan muling nagbigay hanapbuhay sa estudyante ngayong bakasyon

*Matapos ang Closing Programa ay nagpakuha ng larawan ang mga SPES beneficiaries kasama ang Gob. Egay Mascots at mga kawani ng Provincial Planning Development Office na sina Teresita Gonzales, PDO II, Nida Tosoc, PDO IV/PESO Officer at Elena B. Austria, Acting PPDO*




Sa halip na 50 kwalipikadong kabataan lamang ngayong taon ang mapapabilang sa Special Program for the Employment of the Students (SPES), ipinag-utos ni Gob. Edgardo A. Tallado na madagdagan ito kung kaya't 91 mag-aaral ang nabigyang hanapbuhay ngayong bakasyon.

Nagkaroon ng kabuuang 125 na mga aplikanteng mga mag-aaral ang nagsumite ng kanilang mga *requirements* at 100 dito ang kwalipikadong kumuha ng eksaminasyon at interbyu. Matapos ang isinagawang *screening*, nagkaroon ng kabuuang 91 SPES beneficiaries kabilang ang 15 na *SPES Babies o recipient* na noong nakaraang taon. Ang 76 na mga baguhan ay nabigyan ng pagkakataong makapagtrabaho ng 20 araw (working days) na nagtapos noong Mayo 14, 2013, ayon sa panuntunan ng Department of Labor and Employment (DOLE). Samantala, ang 15 na datihan o mga SPES Babies ay nagtrabaho naman sa loob ng 30 araw (working days) na natapos noong Mayo 28.

Tumanggap sila ng sweldong P250.00 kada araw ang bawat isa at ang 60% o P150.00 ay sagot ng Pamahalaang Panlalawigan ng Camarines Norte at ang 40% P100.00 ay mula naman sa DOLE sa pamamagitan ng Education Voucher na matatanggap isang buwan pagkatapos ng trabaho.

Ang mga *SPES recipients* ay itinalaga sa iba't-ibang tanggapan ng Pamahalaang Panlalawigan at nagtrabaho sa ilalim ng superbisyon ng *Chief of Office* kung saan sila nakatalaga sa panahon ng pagtatrabaho katulad din ng karaniwang empleyado.

*(Sundan sa pahina 6)*